



KIAN Kumusta Kawasaki

Wikang Hapon / Ingles / Intsik / Koriya / Tsosen / Espanyol/ Portugo/ Tagalog /
Biyetnam / Taylandis/ Indonesiya / Nepalís / Magaang na wikang Hapon

<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>

〒211-0033 2-2 Kizukigioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

Tungkol sa Final Income Tax Return

Kakalkulahin ang taxable income na kinita sa isang taon mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2022, mag-apply ng final income tax return.

Ang mga nagfapile ng income tax ay ang mga taong self-employed, farmer, o may sideline.

Hindi kailangan magfile kung employment income ang kinita, ngunit ang mga sumusunod na tao ay dapat kailangan magapply ng final income tax return.

- Sa mga may taunang kita na lumampas sa 20 milyong yen.
- Sa mga taong tumanggap ng kanilang suweldo mula sa higit sa isang kompanya.
- Sa mga nagbayad ng *FURUSATO NOUZEI* (maliban sa mga nag-apply para sa one-stop), sa mga nasa unang taon ng pagtanggap ng bawas ng kanilang mortgage, sa mga tumatanggap ng mga kaltas sa medikal na gastos at atbp. Maaaring kakailanganin ang kopya ng inyong tax return kapag nag-renew o nagpalit kayo ng status ng sa inyong residence card.

Siguraduhing itago ang kopya ng inyong Final Income Tax Return statement.

*Kung mayroon kang mga dependent sa niyong sariling bansa, maaari kang makatanggap ng bawas para sa mga dependent.

Kung hindi ka nakatanggap ng kaltas para sa mga dependent, ang kumikita ng suweldo ay dapat ding maghain ng tax return at tumanggap ng tax refund. Panahon ng pagtanggap: Pebrero 16 (Huwebes) - Marso 15, 2023 (Miyerkules).

Ano ang kailangan mo para sa iyong tax return:


1. Application form ng income tax return (makukuha sa tax office) *Ang iyong My Number ay dapat na nakasulat sa application form, atbp
2. Katibayan ng kita para sa 2022 (withholding tax certificate o payment record)
3. Residence card
4. Mga dokumentong kinakailangan para sa mga dependent sa Pilipinas (Birth Certificate ng mga dependent sa Pilipinas, remittance certificate, at atbp.)
5. Mga dokumento na kailangan para sa bawas sa insurance (sertipiko ng pagbabawas ng insurance)
6. Medical expenses deduction (resibo) 7. Inkan o lagda, atbp.

Tanggapan sa Kawasaki	Matatawagan	Lugar ng sakop na Tirahan
Kawasaki Kita Zeimusyo	2-4-3 Hisamoto, purok Takatsu, Lungsod Kawasaki (044-852-3221)	Nakahara, Takatsu, Miyamae
Kawasaki Nishi Zeimusyo	1-3-14 Kamiasao, purok Asao, Lungsod Kawasaki (044-965-4911)	Tama at Asao
Kawasaki Minami Zeimusyo	3-18 Enokicho, purok Kawasaki, Lungsod Kawasaki (044-222-7531)	Kawasaki at Saiwai

- ◆ Ang impormasyon sa Ingles ay makikita sa website ng National Tax Agency.
Impormasyon sa Income Tax: <https://www.nta.go.jp/english/taxes/individual/12011.htm>

- ◆ Manual para paano magfile ng Income Tax Return para sa mga dayuhan (Pinagaang bersyon) 2022
<https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/shinkoku/tebiki/2022/foreigner/index.htm>
May mga paliwanag sa Ingles, Intsik, Portugis, Biyetnamis at Nepali.

Pagsasanay sa kalamidad sa mga dayuhang mamamayan



Sa pakikipagtulungan ng Nakahara Fire Department at samahan ng kapit-bahay, ang mga dayuhang mamamayan at mga Hapong mamamayan ay magsasagawa ng pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna.

【Petsa】 **Pebrero 28, 2023 (Martes) 10:15 ~ 11:50**

【Lugar】 Kawasaki International Center, Entrance Plaza

【Nilalaman】 (Seismic vehicle) Mararanasan ang lindol

【Kabayaran】 LIBRE




【Patala】 Hindi kailangan

【Matatawagan】 (PIIF) Sentrong Pandaigdig Kawasaki

TEL (044-435-7000) 、 Magtungo、 o e-mail (kiankawasaki@kian.or.jp)

Mamimigay ng pagkain pang-emergency

Mga event sa center ngayong Enero~Marso 2023

Kurso • Gaganapin	Araw at Oras	Kabayaran	Nilalaman
Nihonggo  ※Maaring mabago gamit ang Online ZOOM	Umagang Kurso (Martes, Biyernes) Enero 10 ~ Marso 7 9:50-11:50 Makipag-ugnayan lamang sa mga detalye.	¥9,350 (17 beses) Bukod ang textbook	Mayroong 9~11 na klase ayon sa antas mula baguhan hanggang pataas. Mayroon ding babysitter para sa bata sa umagang kurso. (Pang-preschool higit sa 1 taong gulang)
	Gabing kurso (Miyerkules) Enero 11~Marso 8 18:30-20:30 Makipag-ugnayan para sa mga detalye.	¥4,950 (9 beses) Bukod ang textbook	Tumatanggap ng aplikasyon. Magdala ng larawan (3x4cm).
Maliit na pagpupulong ng Pandaigdigang Asosasyon ng Pakikipagpalitan sa Kawasaki Lana Kubrekama ng Hawaii	Pebrero 11(Sabado • Pistang bakasyon) 13:00 ~ 15:00	LIBRE, limitado sa 30 katao. Tumawag, magtungo o sa website.Kung may bakante sa araw na yon maaring sumali.	Talakayin ang kasaysayan at kilt ng Hawaii. Sasayaw at magtuturo paano paggawa ng bulaklak na kuwintas ang Wahine Pua Lilia Shinjyo
TERAKOYA para sa elementaryang bata na konektado sa banyagang bansa 	Pebrero 4, 11, at 25 Marso 4, 11, 18 at 25 Sabado 10:00 ~ 11:00 (Nakatakda)	LIBRE Kailangan ng reserbasyon Hatid sundo ng taga-pangalaga ay kailangan	Pag-suporta sa mga batang dayuhan na nag-aaral sa elementarya na hindi marunong mag-nihonggo
Tag-sibol na klase pang-bata Pang-batang Ingles A Pang-batang Ingles B Pang-batang Espanyol 	Marso 28(Martes)~30(Huwebes) Ingles A 13:00~14:00 Ingles B 14:30 ~ 15:30 Espanyol 10:30 ~ 11:30	¥3,300 (Kasama na materyales) Simula Pebrero ang patala ay nasa website	Katutubong Lektor Pang-batang Ingles A (grade 1 at 2) Pang-batang Ingles B (grade 3 at 4) Espanyol (grade 1~5) ang pag-aaralan
Pangdaigdigang Kurso Pangmamayan(Magkaiba kaya nakakaaliw! ~Ang ating konsepto ng Multilingual Co-existence~)	Marso 18(Sabado) 14:00~16:00	LIBRE, Limitado sa 150 katao Pebrero 15(Miyerkules) 10:00~ Web, TEL kung may puwang makasali	Lektor The Art • Project Multi-linuwaheng Pagbabasa Namumuno: Noriko Miwasa

Pandaigdigang Konsultasyon sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Kung may katanungan, alalahanin man mangyaring makipag-ugnayan lamang.(LIBRE)

MAARING MAG-PAKUNSULTA SA ONLINE ZOOM!

Mag-pareserba sa website

Oras 9:00~17:00 (Bukas kahit tanghali)

Direct Tel. No. 044-455-8811

Gagamit ng tagasalin sa telepono kung wala ang tagasalin sa sariling wika

Wika	Araw	Wika	Araw
Ingles	Lunes-Sabado	Intsik	Lunes-Sabado
Portugis	Martes at Biyernes	Espanyol	Martes at Miyerkules
Koreya • Tsosen	Martes at Huwebes	Tagalog	Martes at Miyerkules
Biyetnam	Martes at Biyernes	Taylandes	Lunes at Martes
Indonesya	Martes at Miyerkules	Nepali	Martes at Sabado



Aplikasyon sa Konsultasyon sa Online



Website ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

* May libreng konsultasyon ng isang administrative scrivener.

(Ang konsultasyon ay gaganapin sa Nihonggo, ipagbigay-alam kung nais ng translator)

Petsa: Pebrero 19, 2023 (Linggo) , Marso 19 (Linggo) 14:00~16:00

Lugar: Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki, 2F Pang-asosasyong silid